SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 04, 2022, LUNES, IKA-9:46 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. Delas Armas, Jr. | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 07/19/22 TIME ___ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED Date: 8 JUL 2022 Sta. Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 278-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PANSAMANTALANG PAGKUPKOP SA ALITUNTUNING PANLOOB NG SANGGUNIANG BAYAN NA NAPAPALOOB SA KAPASIYAHAN BLG BLG 328-T2019 MALIBAN SA PROBISYON NA NAPAPALOOB SA ALITUNTUNIN BLG IX (MGA PAGPUPULONG) SEKSYON 1 AT ALITUNTUNIN BLG XVIII, SEKSYON 9-10 (ANG MGA LUPON).**

**SAPAGKAT,** nakasaad sa Artikulo 103 ng Batas at Regulasyon ng Pagpapaunlad ng 1991 Kodigo ng Pamahalaang Lokal, " Sa unang karaniwang pagpupulong pagkatapos ng halalan, ang lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan sa loob ng siyamnapung (90) araw ay magbubuo ng paiiraling panloob na alituntunin at pamamalakad ng Sangguniang Bayan ng Bayan ng Santa Cruz Laguna";

**SAPAGKAT,** kinakailangan magkaroon ng panloob na alituntunin at pamamalakad upang maging batayan ng Sangguniang Bayan sa pagdaraos ng pagpupulong;

**SAPAGKAT,** hangad ng kapulungang ito ang maayos na pamamalakad sa bawat pagpupulong na gaganapin ng Sangguniang Bayan para sa ikauunlad ng bawat mamamayan ng ating Bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven, na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Lea A. Almarvez at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ay

**PINAGPASIYAHANG: PAGTIBAYIN ANG PANSAMANTALANG PAGKUPKOP SA ALITUNTUNING PANLOOB NG SANGGUNIANG BAYAN NA NAPAPALOOB SA KAPASIYAHAN BLG BLG 328-T2019 MALIBAN SA PROBISYON NA NAPAPALOOB SA ALITUNTUNIN BLG IX (MGA PAGPUPULONG) SEKSYON 1 AT ALITUNTUNIN BLG XVIII, SEKSYON 9-10 (ANG MGA LUPON).**

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 04, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo